

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Sektor ng Pagproseso ng Pagkain sa Brampton ay Ranked #1

BRAMPTON, ON (Hulyo 28, 2021) – Kahapon, nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng nangungunang parangal na may unang puwestong ranking, para sa ikalawang kasunod na taon, sa kategorya ng Mga Lider sa Pagproseso ng Pagkain sa Ika-17 Taunang Metro Rankings Report ng Business Facilities Magazine.

Natanggap ng Brampton ang nangungunang pagkilala sa Ranking's employment, inanunsyong mga proyekto at mga kategorya ng mga ekspansyon kamakailan. Ang kumpletong 2021 Rankings Report ay makikita sa www.businessfacilities.com.

Bilang bahagi ng Cluster ng Pagkain ng Ontario, isa sa pinakamalaking mga sektor ng Agri-Food sa North America, ang Brampton may may maunlad na sektor ng pagkain at inumin na suportado ng teknolohiya na nangunguna sa industriya, mga produktong nangunguna sa kalidad, at mayamang agrikultural na tradisyon. Ang sektor ng pagkain at inumin ng Brampton ay isang one-stop shop na kumpleto sa pagsusuri sa pagkain, mga pasilidad ng pagproseso at pagpakete pati na rin ng transportasyon, disenyo ng pagpakete, kagamitan at refrigeration storage, lahat nasa loob ng lungsod.

Ang sektor ng pagkain at inumin ng Brampton ay umaambag ng \$1.3 bilyon taon-taon sa Canadian GDP. 8,500 ka tao ang nakaempleyo sa tinatayang 300 kumpanya sa paggawa, pagproseso at suportang mga industriya ng pagkain at inumin.

Ang sektor ng Pagkain at Inumin ay isa sa apat na mahalagang sektor sa Brampton. Ang mga mahalagang sektor ng Lungsod ay: Pagproseso ng Pagkain at Inumin, Advanced Manufacturing, Mga Agham ng Kalusugan at Buhay, at Inobasyon at Teknolohiya.

Kabilang sa mga nangungunang employer sa sektor ng pagkain at inumin sa Brampton ang mga headquarter para sa Loblaws, Maple Lodge Farms, at Italtasta. Dagdag pa, ang mahahalagang employer tulad ng Coca-Cola Bottling at Give and Go Prepared Foods ay may mga pasilidad sa Brampton. Ang lahat ng mga kumpanyang ito ay istrategik na ipinwensto ang mga sarili nito sa loob ng Brampton para samantalain ang talento, imprastruktura at access sa market ng Lungsod.

Ang sektor ng Pagkain at Inumin sa Brampton ay nananatiling malakas sa buong panahon ng pandemya ng COVID-19 at naging mahalagang tagaambag sa lakas ng ekonomiya ng Lungsod sa loob ng panahong ito.

Para sa higit pa tungkol sa sektor ng Pagkain at Inumin sa Brampton, bisitahin ang www.investbrampton.ca.

Mga Quote

“Ang sektor ng Pagkain at Inumin sa Brampton ay gumanap ng instrumental na papel sa pagpapanatili ng pagkain sa mga istante at napapakaing mga Canadian sa buong panahon ng pandemya ng COVID-19, at pinapasalamat natin ang lahat ng mahalagang mga manggagawa para sa kanilang mga ambag. Nitong ikalawang kasunod na taon, lalo nating ipinagmamalaki na makatanggap ng ranking na unang puwesto mula sa Business Facilities Magazine bilang Lider sa Pagproseso ng Pagkain. Ang ranking na ito ay patunay sa napakahusay na trabaho na ginagawa ng ating mga negosyo sa Pagproseso ng Pagkain at Inumin, at sa atin ding Economic Development team na sumusuporta sa kanila.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang COVID-19 ay nagkaroon ng maraming epekto sa mga negosyo sa buong mundo, at ang mga pagsisikap ng mga nasa sektor ng Pagkain at Inumin sa Brampton ay nakatulong sa ating komunidad sa paglalakbay nitong hindi inaasahang mga hamon. Pinapasalamat natin ang ating mga negosyo at kanilang mga empleyado, at inaasahan ng Lungsod ang patuloy na pakikipagtulungan sa kanila.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

"Ipinagmamalaki natin na makilala para sa ikalawang kasunod na taon sa Taunang Metro Ranking Report ng Business Facilities Magazine bilang #1 sa kategorya ng Mga Lider sa Pagproseso ng Pagkain. Salamat sa ating dedicated na Economic Development team na nagsisikap na itayo at suportahan ang sektor na ito, at ang lahat ng mga sektor ng mga negosyo at kanilang mga manggagawa. May pokus sa retensyon at ekspansyon ng negosyo, nagsisikap tayo na dalhin ang mga bagong negosyo sa Lungsod ng Brampton, habang sinusupportahan ang ating kamangha-manghang umiiral na mga negosyo,"

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating komunidad ng negosyo ay ang gulugod ng Brampton, at sa Lungsod ang ating team ay dedicated sa pagsuporta sa kanilang tagumpay sa bawat paraan na kaya natin. Ipinagmamalaki natin na ang mga pagsisikap ng ating sektor ng Pagkain at Inumin – at ng ating dedicated na Economic Development team – ay kinilala na #1 ranking mula sa Business Facilities Magazine sa loob ng ikalawang kasunod na taon.”

- *David Barrick, Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkabaligtiran inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA
Prabhjot Kainth



Media Release

Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca